Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa mga Panlaping Makadiwa

Kakayahan: Natutukoy ang mga panlaping ginagamit sa pagbuo ng pandiwa

Salungguhitan ang pandiwa sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang panlaping makadiwa na ikinabit dito.

_____ 1. Hindi na natin kailangan umutang dahil may trabaho na ako.

_____ 2. Magkita tayo sa silid-aklatan pagkatapos ng klase.

_____ 3. Kay Kuya Pocholo tayo magpatulong sa pagkarga nitong kahon.

_____ 4. Sana ay hindi ako magkamali sa pagsusulit.

_____ 5. Ang batang babae ay nahimatay dahil sa matinding init.

_____ 6. Huwag mong gastusin lahat ang perang baon mo.

_____ 7. Sabihin mo sa kanya kung ano ang tamang paraan.

_____ 8. Itago mo ang mga kumot sa loob ng kabinet.

_____ 9. Matupad kaya ang pangarap ni Emilio na maging doktor?

_____ 10. Si Peter ay gumanap na Romeo sa aming dula.

_____ 11. Nagtulungan ang mga kasapi ng samahan.

_____ 12. Huwag kayong mag-agawan ng laruan.

_____ 13. Kailan tayo magkukuwentuhan tungkol sa paglalakbay mo sa Japan?

_____ 14. Kailangan na pirmahan ito ng mga magulang mo.

_____ 15. Balitaan mo naman ako tungkol sa pag-aaral mo sa Maynila.

© 2013 Pia Noche